

Scholarship at training program sa IT-BPM, handog ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Ilulunsad ng Information and Communications Technology Office ng Department of Science and Technology (DOST-ICTO) katuwang ang mga organisasyon sa industriya ng ICT ang Scholarship and Training Program upang mapalakas ang lokal na industriya ng ICT.

Katuwang ng DOST-ICTO sa programa ang Information Technology-Business Process Association of the Philippines (IT-BPAP) at National Engineering Center (UP-NEC) ng Unibersidad ng Pilipinas sa pagpapalano at pagsasagawa ng implementasyon ng Lean Six Sigma for IT-BPM Course na siyang maghihikayat at magbibigay ng oportunidad sa mga interesadong pumasok sa industriyang ito.

Idinisenyo ito upang hasain ang mga sasailalim sa pagsasanay na mabigyan sila ng sapat na kaalaman, kakayahan, pag-uugali at abilidad sa pamumuno at pagpapalano sa pagpapaunlad ng mga proyekto na makatutulong sa mga organisasyong maaari nilang pasukan.

Layunin ng ICT Scholarship and Training Program na ito na mapataas pa ang bilang ng mga manggagawa sa iba't ibang serbisyo ng IT-BPM maliban sa contact center. Kabilang sa mga serbisyong ito ang game development, animation, software applications at iba pa.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Paalala ng eksperto, maging maingat bago sumabak sa stem cell therapy	p3
Kalihim ng DOST, ginawaran ng honorary degree	p4
Larawan News.....	p4

Kauna-unahang electronics design center, magpapalakas sa industriya ng electronics

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII



Ang kauna-unahang electronics design center. Pinangunahan ni Department of Science and Technology Undersecretary Amelia P. Guevarra (dulong kaliwa) ang groundbreaking ceremony ng kauna-unahang Electronics Product Development Center (EPDC) sa Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC). Layunin ng EPDC na makapagbigay ng mga support facility upang sanayin ang mga lokal na electronics designer sa pagdidisenyo, paggawa ng prototype at pagsusuri ng mga printed circuit board- isang pangunahing electronics component. Kasama rin sa nasabing pagtitipon sina (mula kaliwa) Electronics Industry Association of the Philippines, Inc. President Alexander Sy, Advanced Science and Technology Institute Director Denis Villoriente, Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development Executive Director Rowena Cristina Guevara, at DOST Assistant Secretary at Officer-In-Charge ng DOST-MIRDC Robert Dizon. (Larawan ni Gerardo Palad, S&T Media Service, DOST-STII)

Ang inaasam-asam ng mga Filipino na makagawa ng sarili nitong electronic product ay nalalapit na dahil sa wakas ay pasisimulan na ng Department of Science and Technology ang pagtatayo ng kauna-unahang Electronics Product Development Center (EPDC) sa tanggapan nito sa Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC) sa Bicutan, Taguig City.

Ang EPDC ay isang pasilidad na nagtataglay ng mga makabagong kagamitan para sa design, prototyping, at testing ng mga printed circuit board (PCB), ang pangunahing

electronics component na kumukunekta sa bawat electronics component.

Sa pamamagitan nito ay mapalalakas ang lokal na industriya ng electronics at semiconductor sa pamamagitan ng pagpapayabong ng research and development, design at prototyping ng mga electronics component.

Samantala, positibo naman ang Kagawaran at si Electronic Industries Association of the Philippines, Inc. (EIAPI) President Alexander Sy na ang lokal na electronics at

sundan sa pahina 2

semiconductor ay aangat ang posisyon sa pandaigdigang value chain na kung saan ang bansa ay lalahok sa mga pagdidisenyo at paggawa ng mga electronics component.

Ayon pa sa EIAPI, tinatayang US\$5,000 to 30,000 ang halaga na inilalaan ng mga kumpanya sa pagdidisenyo at prototyping. Sa pagsisimula ng operasyon ng EPDC, tinatayang kalahati ang mababawas nito sa halaga ng design at prototyping stage.

Dagdag pa rito, dahil sa lokal ang pagdidisenyo at prototyping, inaasahang mabilis ang proseso ng paggawa ng isang produkto at mababawasan din ang mga reject dahil kaakibat ng serbisyo ang pagkakaroon ng test certification.

Inaasahang mas maraming mamumuhunan sa industriya ng electronics ang mamamalagi sa bansa na magbibigay naman ng karagdagang kaalaman at kasanayan para sa mga lokal na manggagawa at kumpanya.

Sa pagbubukas ng EPDC sa Hulyo sa susunod na taon, ito ay magbibigay ng iba't ibang serbisyo sa electromagnetic compatibility testing service gaya ng electromagnetic interference (EMI) pre-compliance testing and harmonics at flicker test. Ang EPDC ay magbibigay din ng mga serbisyo para sa electronic product prototyping for electronic circuit simulation, PCB design simulation, prototype PCB fabrication,

prototype PCB assembly, functional/parametric test, enclosure design (3D), 3D scanning, enclosure design simulation at enclosure prototyping gamit ang 3D printer.

Ayon kay Advanced Science and Technology Institute Director Denis Villoriente, "The center was conceptualized to house hardware and software tools, which could be used by companies or schools to design, develop and test hardware and software electronics products."

At sa kaganapang ito, maraming kumpanya ang mabibiyayaan sapagkat malaki ang kinikita ng mga kumpanyang may kakayahang magdisenyo kumpara sa mga gumagawa ng aktuwal na produkto. Sa katunayan, ang bansa ay mayroong kakayahang gumawa ng sarili nitong produkto dahil na rin sa bilang ng mga world-class na inhinyero na mayroong kakayahang magdisenyo ng mga electronic component kung mabibigyan lamang ng sapat na suporta mula sa pamahalaan.

Dagdag pa ni Peter Banzon, EPDC project leader, na kasabay ng EPDC ay ang pagkakaroon din ng isang pasilidad para naman sa pagdidisenyo at paggawa ng mga integrated circuit.

Ito naman ay isang magandang balita para sa mga lokal na kumpanyang nasa larangan ng original design manufacturing o ODM. Ang ODM ay ang mga kumpanyang nagdidisenyo

at gumagawa ng mga produkto ayon sa nais ng kumpanyang nagpapagawa at magbebenta nito sa merkado. Maraming global electronic brand ngayon ang dati ay kabilang sa ODM. Samantala, sa hiwalay na panayam kay Antonio Villaflor, pinuno ng STMicroelectronics mayroon na ring mga lokal na kumpanya ang nasa larangang ito.

Nais ng industriya ng electronics sa bansa na maabot ang US\$50B kita sa taong 2016.

Subalit, ayon sa pag-aaral ng Nomura Research noong 2010, ang bansa ay mayroong kakayahang lumago sa mga industriya ng printer, multifunction peripheral, projectors, scanners, and digital cameras habang nagkukulang naman sa suporta ang bansa para sa photovoltaic cell, LEDs, rechargeable batteries for hybrid electric vehicles, electric vehicles and mobile digital devices, at next-generation energy infrastructure. Ang pamahalaan ay nagsagawa ng mgaistratehiya upang palakasin ang manufacturing industry sa pamamagitan ng mga kinakailangang suporta upang mapalago ito. Nais ding maprotektahan ng bansa ang mga industriya nito sa paparating na ASEAN economic integration sa 2015 na maglalagay sa rehiyon sa malayang kalakalan.

Noong Mayo ay inilunsad ang Advanced Materials and Testing Laboratory na nagbibigay ng testing service para sa mga electronics at semiconductor.


Sa pamamagitan nito ay masisiguro na mayroong sapat na suplay ng manggagawa na may sapat na kakayanan na magbigay serbisyo na kinakailangan ng mga kliyente sa industriya.

Ang programang ito ay isa sa mga nakahanay na inisyatiba ng DOST na magbigay ng mga scholarship sa larangan ng agham at teknolohiya gayundin para sa mga mag-aaral, graduate at propesyunal.

Ang programa ay pinondohan sa ilalim ng Special Appropriations ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA) proceeds.

Base sa 2012-2016 Philippine IT-BPM Road Map na inilathala ng DOST-ICTO, IT-BPAP at Team Asia, inirerekumenda nito na kinakailangang maipagpatuloy ang pagpapaunlad ng industriya ng IT-BPM sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga inisyatibang lilingan sa mga talento ng mga Filipino I.T. gayundin ang pagbubuo ng tamang ecosystem upang mahikayat ang mga mamumuhunan.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang website ng UP-NEC sa www.upnec.com. (**Impormasyon mula kay Roy Espiritu ng ICTO**)



Upang mahikayat, mahasa at mapataas pa ang bilang ng mga mangagawa sa industriya ng Information Technology-Business Process Management (IT-BPM) lalo na sa sector ng animation, game at software development, maglulunsad ang Information and Communications Technology ng Department of Science and Technology (DOST-ICTO) ng Scholarship at Training Program. (Larawan mula sa website ng Angelo State University)

Paalala ng eksperto, maging maingat bago sumabak sa Stem Cell

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Nagpaalala ang isang eksperto hinggil sa balak na magpasailalim sa tinatawag na stem cell therapy na tiyakin muna na may sapat na nailathalang scientific evidence at pag-aaral ang pamamaraang ito upang makatulong sa pagpapagaling ng partikular na kondisyon.

Ani Dr. Francisco S. Chung Jr., senior scientist mula sa Makati Medical Center (MMC), sa mga unang taon ng isang indibidwal, ang kanyang stem cell ay may potensyal na madebelop sa iba't ibang klaseng cell o selula. Sa paghahati at pagbubuo ng mga bagong selula, nakatutulong ito na gamutin ang mga nasirang body organ.

Ang bone marrow ang karaniwang pinagkukunan ng stem cell, subalit ibinahagi ni Dr. Chung sa forum na inorganisa ng Philippine Association of Career Scientists, katuwang ang Scientific Career Council Secretariat at National Academy of Science and Technology, advisory body ng Department of Science and Technology (DOST), na mayroong stem cell sa mga taba na maaari ring pagkunan ng mga bagong stem cell.

Dagdag pa rito, inilabas din sa mga magkakahiwalay na ulat na maaari ring pagkunan ng mga purong selula ang gulugod, pati na rin ang umbilical cord gayundin ang mga hayop kagaya ng sa tupa.

Ilan sa mga pinaniniwalaang benepisyo ng stem cell therapy ay nakapagpapabata ng



Ang stem cell ay ang mga purong selula na maaaring makabuo ng mga bagong selula, na pinaniniwalaang makatutulong sa pagsasaayos ng mga nasirang body organ ng tao. (www.philstar.com)

katawan, gamot sa kanser at pagkapanot at diabetes.

Matatandaang binalot ng kontrobersiya ang nasabing teknolohiya sa bansa dahil sa kawalan ng sapat na regulasyon mula sa pamahalaan kung anong partikular na sakit ang pinapayagang gamitan ng stem cell therapy at kung anong bahagi ng katawan ang maaaring pagkunan nito.

Ayon pa kay Dr. Chung, ang mga pangagamot na hindi dumadaan sa regulasyon ang pangunahing dahilan kung bakit may mga pangamba ang ilan hinggil dito.

Pangamba pa ni Dr. Chung na kung walang polisiya ang pamahalaan gaya ng pagbibigay ng akreditasyon sa mga ospital sa bansa na maaring magsagawa ng ganitong uri ng pangagamot ay mahihirapan itong pigilan ang mga taong sasailalim sa nasabing teknolohiya kahit hindi kinakailangan.

Noong Marso 2013, naglabas na ang Department of Health ng pamantayan na kailangang maisakatuparan ng mga ospital na nagbabalak magsagawa ng Stem Cell Therapy. Ito ay tinawag na Administrative Order 2013-0012, "Rules and Regulations Governing the Accreditation of Health Facilities Engaging in Human Stem Cell and Cell-based or Cellular Therapies in the Philippines".

"So that's one way of making sure they won't go for unregulated stem cell therapy," pagbibigay-diin ni Dr. Chung, kung saan binanggit niya na ang mga clinical trial ay kinakailangang iparehistro sa Food and Drug Administration (FDA).

"There will probably be some scandals as well as some towering achievements," pagdagdag niya. "But overall, the stem cell field will continue to accelerate new cures (*Impormasyon mula kay Angelica Espie De Leon, S&T Media Service, DOST-STII*)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Kalihim ng DOST, ginawaran ng honorary degree

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Ginawaran si Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo ng doctorate in Public Administration (*honoris causa*) ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) kamakailan sa pagdiriwang nito ng 2013 Mid-Year Commencement Rites sa PUP Gymnasium sa Sta. Mesa, Maynila.

Pinangunahan ni PUP President Emmanuel C. De Guzman ang conferment ceremony kay Sec. Montejo na nagsilbi ring pangunahing tagapagsalita sa pagtatapos ng mahigit 1,000 mag-aaral ng nasabing pamantasan.

Bago pa man siya hिरanging kalihim ng DOST, si Sec. Montejo ay ginawaran noong 2011 ng UP College of Engineering bilang isa sa mga pangunahing 100 Outstanding Alumni Engineers of the Century.

Si Sec. Montejo ay naging pinuno ng Northwest Steel na gumagawa ng mga steel pole, ship-to-shore gantry crane, at mega tent structure.

Siya ay naging pinuno rin ng Tree Top Adventure (TTA) Philippines, Inc., isang kumpanya na naka-base sa Subic at nasa larangan ng pagdidisenyo at paggawa ng mga eco-tourism theme park. Ang nasabing kumpanya ay siyang namamahala ng iba't ibang mga atraksyon sa Camp John Hay kabilang ang the Superman Ride, the Silver Surfer, at ang Interactive Free Fall.

Siya rin ang nasa likod ng mga disenyo sa Water Fun Amusement Park, ang kauna-unahang resort na nagtatampok ng mga slide at wave. Dagdag pa rito ay ang pagdidisenyo ng kauna-unahang robotic carpark sa Pasig, ang kauna-unahang GSM-based water level



Malugod na tinanggap ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo (pangatlo mula kaliwa) ang iginawad na doctorate in Public Administration (*honoris causa*) ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) para sa natatanging kontribusyon sa larangan ng engineering. Kinilala ng pamantasan ang mga naiambag ni Sec. Montejo sa pagpapalago ng agham, teknolohiya, at inobasyon bilang haligi sa pagpapalago ng ekonomiya ng bansa. Kasama rin ni Sec. Montejo ay sina PUP President Emmanuel C. De Guzman, Ph.D (dulog kaliwa) Mrs. Maria Rosario Montejo, maybahay ni Sec. Montejo, at Hon. Rene A. Tanasas, Pangulo ng Federation of Alumni Association in PUP, Inc. (Larawan ni Henry De Leon, S&T Media Service, DOST-STII)

sensor at rain gauge na ginagamit sa flood monitoring at forecasting.

Kanya ring idinisenyo ang kauna-unahang dike o gabion na ginagamit upang mapangalagaan ang mga irigasyon.

Siya ay ginawaran din ng Gold Medal Award for Creative Research mula sa Filipino Inventors Society noong 1989.

Bilang kalihim ng DOST, si Montejo ay instrumental sa pagpapalaganap ng

Nationwide Operational Assessment of Hazards (Project NOAH), Ovicidal-Larvicidal Trap system (OL Trap), at ang Automated Guideway Transit, ang kauna-unahang Filipino designed train system.

Naniniwala si Sec. Montejo na ang agham, teknolohiya at inobasyon ay ang paraan upang mapaunlad ang ekonomiya at ang bawat Filipino sapagkat mahusay ang teknolohiyang Pinoy.

Kaalaman para sa flood early warning system. Ipinapaliwanag ni G. Danilo Flores, weather forecaster mula PAGASA-Hydromet Division (kaliwa) ang mga mahahalagang impormasyon na dapat malaman ng mga kalahok ng community-based early flood warning system sa katatapos lamang na Project NOAH Information, Education, and Communication (IEC) seminar sa Region I na ginanap sa Oasis Country Resort sa San Fernando City, La Union. Kasama sa larawan (mula kaliwa) ay sina Raquel Felix, Landslide Mapping-WebGIS; Leo Godfrey Jao, WebGIS-Project NOAH; Oscar Lizardo, Chief SRS ng WebGIS-Project NOAH at Engr. Sulamita Catalan (nakatayo) ng DOST Region I. (Larawan mula kay Teddy Amante, S&T Media Service, DOST-STII)

